
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
FILIPINIANA SECTION
LIBRARY

Pinapatnubayan
ng
Marxismo–Leninismo–Kaisipang Mao Zedong

# ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

MARSO 1983



Sunud-sunod na mga tagumpay militar ang nagbibigay ng ningning sa pagdiriwang ng rebolusyonaryong kilusan sa ika-14 na anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan.

Mula nang itatag ang BHB noong Marso 29, 1969, hakbang-hakbang nitong pinaunlad ang kakayahang ipreserba ang sarili at dagukan ang kaaway.

Ngayon, ang rehimeng US-Marcos ay lubhang naliligalig sa takbo ng kabuuang sitwasyong militar. Lalo itong kumakapit sa among imperyalista. Nasa pahina 3 ang artikulo.

## NILALAMAN

Balita 2

BHB:
Ang ika-14 na taon 3

Digmang bayan
sa Mindanaw 6

'Manggagawa ng daigdig,
magkaisa!' 8

Namumulat, lumalaban 10

Manggagawang bukid 12

Lumang tinda,
bagong karatula 14

## Dalawang operasyon

Umaga ng Enero 12. Parang normal na araw sa bayan ng Mabini, Davao del Norte. Pero sa iba't ibang lugar, nakaalerto ang pitong grupong maniniktik, at nakaabang sa kani-kanilang kublihan ang limang pangkat ng Bagong Hukbong Bayan.

Sa takdang sandali, sumakay ng trak ang isang pangkat, na puro nakauniporme ng tropang AFP. Pagdating sa harap ng munisipyo, mabilis silang nagbabaan at dere-deretsong tinungo ang himpilan ng pulisya. Maliksing sumaludo si Sarhento Embuscado, ang hepe ng pulisya.

Subalit: "NPA kami!" anang lider, sabay tutok sa kanya ng baril. Gayundin ang ginawa ng iba pang mandirigma sa sinorpresang mga pulis.

Sa loob lamang ng ilang minuto, walang putok na nasamsam ng mga gerilyang bayan ang 45 malalakas na riple mula sa pulisya ng Mabini.

Sa di kalayuan, nirereyd naman ng ikalawang pangkat ng BHB ang trosohang Manuel Nieto Corporation. Kinuha nila ang tatlong garand mula sa mga sikyuriti doon.

Samantala, nakapusisyon na ang tatlong iba pang pangkat. Ang kanilang misyon--barahin ang pagdating ng pwersang panaklolo ng kaaway. Ang ditatsment ng 437th PC Company ay binantayan at pinaputukan. Sa daang nanggagaling sa Tagum, inambus ang trak na naghahatid ng panaklolo, at dalawang kaaway ang patay. Ibang ruta naman ang pinagpwestuhan ng ikatlong pangkat pero walang dumating sa kanilang binabantayan

Resulta ng matagumpay na operasyon ng BHB, iniatras sa poblasyon ang mga tropa ng kaaway mula sa interyor.

* * *

Konsentradong putok ng maraming malalakas na riple ang sumalubong sa dalawang pangkat ng tropang kaaway habang naglalakad sila noong Pebrero 4 mula sa Libay-libay, Maco, Davao del Norte.

Noong umagang iyon, lihim na pumasok sa baryo ang 40 tauhan ng 41st IB (PA)--mga beterano ng gerang anti-Moro ng rehimen, at galing sa larangan ng Basilan. Binugbog nila ang isang magsasaka, saka inutusan ang mga taumbaryo na magtipun-tipon para sa isang *"peace rally"* na katunayan'y deklarasyon ng agresibong intensyon sa masa.

Di nila alam na sa mga sandaling iyon ay pumupwesto na ang mga yunit gerilya ng Bagong Hukbong Bayan sa mga lagusang papalabas sa baryo. Kalahok din ang mga milisya. Nakahanda ang mga tanod, medik at iba pang organisadong grupo.


Naghati sa dalawang pangkat ang kaaway; ang isang pangkat ay sa ilog dumaan at ang isa pa'y sa kalsada. Pagpasok ng kaaway sa *killing zone* sa kalsada, sabay-sabay na bumira ang mga Pulang mandirigma. Lima agad ang patay sa kaaway. Patuloy ang putukan. Pagkaraan ng 15 minutos, dumating ang panaklolo ng mga pasista at ito'y binanatan din.

Ang buong operasyon ay nagdagdag ng siyam na malalakas na riple sa BHB. Patay ang 23 regular na tropa ng kaaway, at maraming iba ang sugatan.

nasa pahina 15. ang ibang balita

ANG Bayan

Taon 14 Bilang 15 Marso 1983




REYD na isinagawa ng mga gerilyang nakasuot ng uniporme ng kaaway at ipinagbubunyi ng masa: Ang kakayahan ngayon ay pinaggugulan ng pawis, isip at dugo.

# BHB: ang ika-14 na taon

Habang nagbubunyi ang madla sa araw-araw na mga tagumpay ng Bagong Hukbong Bayan, ibayong naliligalig ang pasistang rehimen at kumakapit sa imperyalismong US.

Ito ang larawan ng kabuuang kalagayang militar sa ika-14 na taon ng pagtataguyod ng BHB sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang demokrasya.

Kitang-kita sa naabot na kakayahang pandigma ng BHB ang resulta ng matiyagang pag-iipon ng lakas, ng lumalakas na organisasyon ng mamamayan, na pinaggugulan ng pawis, isip at dugo mula nang isilang ang hukbong bayan noong Marso 29, 1969.

Sa kabilang banda, ang pasistang rehimen ay nagigipit at lalong napapahiwalay sa mamamayan. Buhul-buhol ang mga problema nito di lang sa larangang militar, kundi higit pa sa ekonomya't pulitika. Umaasa ito sa papalaking imperyalistang suporta para maagap na hadlangan ang bumibilis na agos ng digmaan.

## Operasyon ng BHB

Buong 1982, nagsagutan ang mga larangang gerilya ng BHB sa paglulunsad ng mga ambus, reyd at ibang operasyong militar na lalo pang lumaki, lumaganap at dumalas kaysa sinundang taon.

Bunga ng mga pagsalakay na ito--at ng masiglang pakikilahok ng masa sa kampanyang magpalitaw ng armas--mahigit 1,000 malakas na sandata ang naagaw sa kaaway, ayon sa di kumpletong mga ulat.

Di kukulangin sa 300 taktikal na opensiba ang isinagawa ng BHB mula Marso 1982 hanggang Pebrero 1983, na ang karamihan ay ambus at operasyong isparo. Dumami ang reyd sa piling mga target.

Sa mga banat na ito, mas mahigpit na nasapol ng Pulang hukbo ang mga taktikal na prinsipyo ng operasyong gerilya. Hawak ng BHB ang inisyatiba sa karamihan ng labanan. Nagkonsentra ito ng higit na malaking pwersa laban sa mas maliliit na pormasyon ng kaaway. Mahusay na nagamit ang elemento ng sorpresa, gayundin ang taktikang panlalansi. Ang mga taktikal na opensiba ay ibinatay sa mas masinop na pag-aaral sa kalagayan at pagpaplano. Higit na lumahok ang masa, laluna ang milisyang bayan. Bihira ang labanan na walang naagaw na armas. Mas mabisa ang koordinasyon sa pagitan ng komand na militar at mga panteritoryong organo ng Partido. Umunti ang mga depensibong la-

banan, at sa karamihan ay naagaw ng BHB ang inisyatiba o kaya'y organisadong nakaatras sa pamamagitan ng aksyong putok-maniobra at pagsaklolo ng kalapit na mga yunit.

Higit na nasasanay ang mga yunit ng BHB sa mga taktikal na opensibang kombinasyon ng ambus at reyd; serye ng ilang aksyong militar; reyd sa mga punong himpilan o destakamento ng mga regular na tropang kaaway, na laking-iskwad o platun; at operasyon sa mga sentrong bayan.

Walang duda na ang ibayong kakayahang panlaban ng BHB ay tuwirang resulta ng kampanya ng pag-aaral at treyning na bumwelo nitong 1982.

Nanguna sa pagpapaigting ng pakikidigmang gerilya ang mga larangang higit na malawak, may mga buong panahong panlabang platun, at may maunlad na organisasyon ng Partido at mga organisasyong masa.

Nitong 1982, tuluy-tuloy na tumatag at lumawak ang baseng masa sa dati nang pinakaabanteng mga larangan. Lumawak din at naging mas masinsin ang organisasyon sa iba, at mabilis namang humabol ang dating nahuhuli. Samantala, naghahandang sumabay sa pangkalahatang kumpas ang mga larangang bagong bukas.

Bagamat ang mga hayag na mobilisasyong masa ay di umabot sa lawak at laking ipinamalas noong 1981, mas malaking pansin ang naibigay ng mga panteritoryong organisasyon ng Partido sa pagkokonsolida ng baseng masa.

Kabilang sa pagsisikap na ito ang pagtatayo ng mas maraming yunit milisya, pagbubuo ng mga organisasyong masa, pagbibigay ng pampulitikang edukasyon, pagsisinop sa kilusang lihim, at pagririkrut sa Partido ng mga abanteng aktibista. Pinarusahan ang mga ispya, at binigo ang pagtatangka ng kaaway na magpasok ng mga impiltrador sa hanay ng organisadong masa.

Ang malakihang mga operasyon ng pasistang AFP ay hinarap ng BHB sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na mga opensibang taktikal at pag-iwas sa labanang di kayang maipanalo. Hayag na nakibaka ang masa para sa kanilang mga karapatan laluna kaugnay ng pasistang panunupil. Katunayan, kahit tinatambakan ng tropang AFP ang mga larangang gerilya ng BHB, walang tigil ang paglawak at pagtatag ng mga ito. Mataas ang moral ng mga mandirigma at masa, lalo't bumaba na ang porsyento ng pinsalang natatamo ng mga yunit ng gerilyang bayan.

Malaking bentahe para sa BHB ang patuloy na pakikidigma ng rebolusyonaryong Hukbong Bangsa Moro (Bangsa Moro Army o BMA) sa pamumuno ng Prente para sa Pambansang Pagpapalayang Moro (Moro National Liberation Front o MNLF). Hinahati at pinapahina ng pwersang MNLF-BMA ang armadong lakas ng kaaway, at ang mga aksyong militar ng BHB ay bumabawas naman ng tropang kaaway mula sa mga larangan ng MNLF-BMA. Anupa't tumitibay ang mapagkaibigang relasyon ng dalawang panig.

Samantala, mapagkaibigan ding binati ng BHB ang ilang bagong buong armadong grupo na lumalaban sa rehimeng US-Marcos. Tiyak na sa paglawak ng rebolusyonaryong armadong hanay ay mas mabilis na makakamit ang pambansang tagumpay.

## Pasistang papet na AFP

Sa laki ng pwersa, sa kalidad at dami ng armas at kagamitan, sa badyet at panlabas na tulong, malayung-malayo ang lamang ng reaksyonaryong AFP sa ating Pulang hukbo.

Mahigit tatlong beses ngayon ang laki ng kabuuang pwersa ng kaaway kaysa noong 1972, nang ipataw ang batas militar.

Mayroon na ngayong mga 230,000 tauhan ang pinagsama-samang Philippine Army, Philippine Navy, Philippine Air Force, Philippine Constabulary at Integrated National Police. Bukod dito ang may 100,000 pwersang paramilitar ng CHDF, "Lost Command," at sikyuriti ng malalaking korporasyong US-Marcos. Ang pwersang reserba naman ng AFP ay bumibilang na ng 124,000 katao noon pang 1981, ayon sa independyenteng pagtantya.

Sa mga kampanya ng AFP ay nagiging tampok ang paggamit ng mga helikopter, bapor pandigma, *armored personnel carriers* (APC), at paminsan-minsa'y tangke at eroplanong pandigma. Bukod sa mga modernong kagamitang nakukuha sa US at binibili sa ibang suplayer, nagmamanupaktura na rin sa Pilipinas ng mga ripleng M16 at mga bala.

Umabot sa ₱8.3 bilyon ang badyet militar ng rehimen nitong 1982. May halos ₱1 bilyon ($100 milyon) na taunang suporta ng US sa ilalim ng kasunduan sa mga baseng militar hanggang 1984. Di pa kabilang ang pondong nakalaan sa pasistang militar, pero nakatago sa iba't ibang sulok ng pambansang badyet.

Sa kabila ng napakalaking materyal na bentahe, mahirap ikubli ang mga problemang bumabagabag sa AFP ngayon.

Papalaki ang pinsala sa hanay nila, at nito lang nakaraang mga buwan ay napatay ang apat na pinuno ng batalyon sa-

mantalang grabe ang tama ng isa pa. Ilang libo ang kaaway na patay at sugatan sa mga labanan noong 1982. Para sa unang anim na linggo ng 1983, inamin nila ang 68 patay (kabilang ang INP at CHDF), at 49 daw ang patay sa mga "rebelde" (ang totoo, karamihan dito ay pinatay na mga sibilyan).

Kayat nababanat ang kaaway sa napakaraming lugar, at napipilitan ang komand ng AFP na palipat-lipatin ang kanilang pwersa sa loob ng maikling panahon. Iniutos ang pagdedeploy sa larangan ng labanan ng mahigit 30,000 upisyal at tauhang nakahimpil. May plano na maramihang papagsundaluhin ang kabataan.

Malaki ring suliranin para sa AFP ang komunikasyon at mabagal na pagdating ng pwersang panaklolo, kahit nagtatayo na sila ng mas maraming ditatsment at gumagamit ng mas maraming sasakyan at helikopter.

Si Marcos naman ay walang kumpyansa sa maraming upisyal militar, na aniya'y natatalo sa labanan dahil "istupido." Kinukurakot ng matataas na pinuno ang pondo para sa mga yunit sa larangan, at madalas ay di naseswelduhan sa oras ang mga sundalo.

Malaking sakit ng ulo para sa rehimen ang kawalan ng disiplina at demoralisasyon ng mga tropa ng AFP. Ang marami ay organisadong bandido, na sila-sila'y nagpapatayan at nag-aagawan sa kanilang ninanakaw.

Sa pagtatangkang pabanguhin ang AFP, maingay na inilunsad nitong 1982 ang "Oplan Katatagan." Idinidiin daw sa programang ito ang "pagsipa sa mga tarantadong" nasa hanay nila, at ang pang-aakit sa mamamayan sa pamamagitan ng mga proyektong sibik-aksyon at pangkabuhayan. ↗



PASISTANG TROPA, helikopter mula sa US: mahirap itago ang mga problemang bumabagabag ngayon sa AFP.

Sa aktwal, inilipat lang ng destino ang ilang inirereklamong sundalo o yunit, nagpamigay ng ilang baboy at kambing, at nambunot ng ngipin ang mga dentistang militar. Sa mga pamiting na pwersadong daluhan ng masa, sinermunan at pinagbantaan sila, ang mga lider nila, at pati lokal na upisyales. Samantala'y walang tigil na ikinukulong, tinotortyur, hinahamlet at pinapatay ang daan-daang libong taumbaryo.

## Papel ng US

Gaya ng kabuuang istratehiyang militar ng AFP, ang "Oplan Katatagan" ay atas ng mga tagaplanong militar ng US. Ito ang siya ring gasgas nang programang binalangkas ng US noong dekadang 1950 para kay Magsaysay, na umani ng tagumpay dahil sa maling linya sa pulitika't militar na sinunod ng rebolusyonaryong kilusan. Ngayon, bahagi ito ng mga treyning na idinadaos sa US (250 tauhan ng AFP ang ipinapadala taun-taon), at tinitiyak ng mga tagapayong lihim na pinapupunta sa Pilipinas.

Gaganap pa ng papalaking papel ang imperyalismong US--di lang sa pamamagitan ng mga baseng militar, kundi sa istratehikong pagpaplano at sa pagpopondo --sa digmang inilulunsad ng pasistang rehimen laban sa mamamayang Pilipino.

Mula 1950 hanggang 1981, tumanggap ang reaksyonaryong gubyernong Pilipino ng $1.15 bilyong tulong militar mula sa US (mahigit ₱11 bilyon sa kasalukuyang palitan). Sa loob ng limang taon mula 1979 hanggang 1984, ang napagkasunduang ibibigay ay $500 milyon (halos ₱5 bilyon), o 30 porsyento ng ayuda para sa naunang tatlong dekada. Iginigiit pa ngayon ng rehimeng Marcos na gawin itong $1.5 bilyon (halos ₱15 bilyon). Habang sinusulat ito, nakaharap sa Konggreso ng US ang mungkahi ni Presidente Reagan na bigyan ng $150 milyon (halos ₱1.5 bilyon) sa darating na taon ang mga lokal na pasista.

Di pa rin kuntento ang rehimen sa nakukuha nito. Segunda-mano ang marami sa kagamitang ipinapasa ng US, at pinababayaran pa nang mahal. Katunayan, malaking bahagi ng ibinibigay ay pautang kayat lalo lang bibigat ang problema ng rehimeng lampas-dibdib na ang utang sa dayuhan.

Naisin man ng imperyalismong US, wala ito sa pusisyon ngayon para todo-todong gantimpalaan si Marcos sa matagal na niyang pagpapakatuta. Di pa rin nakakabawi sa grabeng krisis ang ekonomyang Amerikano. Maraming ibang papet na rehimeng humihingi ng alalay--laluna sa Gitnang

Amerika na nasa sariling likod-bahay ng US. Humahadlang ang mamamayang Amerikano sa pagsuhay ng gubyernong US sa mga pasistang papet tulad ni Marcos.

### Tumpak na linya

Kung ang pasistang papet na hukbo ay di makakilos nang walang suporta mula sa mga imperyalista, ang Bagong Hukbong Bayan naman ay rebolusyonaryong pwersang humahango ng lakas mula sa mahigpit na pakikiisa ng malawak na masang Pilipino.

Matagalang digmang bayan na tuluy-tuloy at hakbang-hakbang na umuunlad tungo sa pagkakaroon ng malaki't malakas na pwersang panlaban, mula sa dating maliit at mahina--ito ang tumpak na linyang militar na gumagabay sa Bagong Hukbong Bayan, sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Habang nakahanda sa mahabang panahon ng pagpapalakas upang mabaligtad ang balanse ng magkatunggaling pwersa, sinasamantala ng BHB ang bawat pagkakataong pabilisin ang sulong ng digmang gerilya, palawakin ang sariling hanay, at paramihin ang hawak na armas.

Habang pinag-iigi ang gawaing imulat, mobilisahin at organisahin ang batayang masa sa kanayunan at kalunsuran, hinihikayat ang lahat ng indibidwal, sektor at organisasyon na makipagtulungan sa mapangahas na pakikihamok sa rehimeng US-Marcos.

At habang laging umaasa pangunahin sa nagkakaisang lakas ng sambayanang Pilipino para ibagsak ang reaksyonaryong paghahari ng pangkating US-Marcos, pinahihigpit pa ang mapagkaibigang relasyon sa labas ng Pilipinas.

Sa nakaraang taon, nagpakita ang Bagong Hukbong Bayan ng kakayahang di lamang sanggahin ang bago't mas malakas na mga banat ng kaaway. Higit dito, malinaw ngayon ang kakayahan nitong isulong ang armadong pakikibaka hanggang sa tagumpay. ●

# Digmang bayan sa Mindanaw

Naglunsad ng mahigit 150 taktikal na opensiba ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa Mindanaw nitong nakaraang taon, at di kukulangin sa 35 sa mga ito ay isinagawa sa unang dalawang buwan lamang ng 1983. Mula Setyembre 1982 hanggang Pebrero 1983, di bababa sa 400 malalakas na riple ang naani sa mga operasyon.

Ayon sa ulat, ang dalas ng mga TO sa taong nakaraan ay umabot ng tatlo sa bawat linggo. Mauunlad ang tipo ng operasyon, gaya ng sa Mabini, Davao del Norte, noong Enero 12 (tingnan ang pahina 2). Malaking pinsala sa kaaway ang nagawa sa nakaraang taon. Isang tinyente-koronel ang napatay at nadakip ang isa pa. Bukod dito, dalawang kapitan, 10 tinyente at mahigit 150 regular na tropa ang namatay. Labas pa sa bilang na ito ang maraming bilang ng mga CHDF, impormer at iba pa.

Bunga ng tuluy-tuloy na pagdalas at pag-unlad ng mga operasyon ng BHB sa Mindanaw, inililipat-lipat ng rehimen ang tropa nito sa buong isla at nagpadala pa ng dagdag na mga batalyon ng Philippine Army at Philippine Marines mula sa labas.

Sa kabilang banda, mahusay na nagagamit ng rebolusyonaryong pwersa ang paborableng mga kalagayan at ibayo pang isinusulong ang digmang bayan sa isla.

### Paborableng kalagayan


Mainam ang kalagayan sa Mindanaw para isulong ang digmang bayan.

Mabundok at magubat ang Mindanaw. Halos magkakadugtong ang limang pangunahing kabundukan at pinag-uugnay-ugnay nila ang lahat ng 18 probinsya sa isla [tingnan ang mapa]. Maraming tao ang naninirahan sa paanan at dalisdis ng mga bundok, at mahalagang suporta ang ibinibigay nila sa hukbong bayan. Gubat ang halos kalahati ng isla at narito rin ang mahahabang ilog, mga lawa, gayundin ang mga latiang nagiging sakit ng ulo ng mga pasistang tumutugis sa mga gerilyang bayan.

Mahusay na ginagamit ng BHB ang ganitong kalupaan para magparami, magsanay, at maglipat-lipat ng mga yunit--ibig sabihin, para magtanim at mag-ipon ng pwersa sa buong isla sa mahabang panahon.

Nakabase sa agrikultura ang ekonomya ng Mindanaw at ang mangilan-ngilang industriya ay nakasentro sa pagtotroso at pagmimina. Sa pakikipagsabwatan ng reaksyonaryong gubyerno, malawak ang mga interes dito ng mga imperyalista ng US at Japan. Malalaking plantasyon, minahan at trosohan ang hawak nila na kasapakat ang malalaking burukrata, burges na kumprador, at panginoong maylupa.

Kaya naman biktima ng tumitinding pagsasamantalang malapyudal at kapitalista




ang mga magsasaka at manggagawa sa Mindanaw, habang pinalalaki pa ng mga imperyalista at mga kasosyo nila ang ganansya taun-taon, at habang kumakaltas ng mas malaking upa ang mga panginoong maylupa. Mahigit kalahati ng pambansang produksyon ng butil ang nagmumula sa Mindanaw, pero kamote o kamoteng-kahoy lang ang kinakain ng maraming magsasaka.

Mula 1972, tumingkad ang pagkakahati sa hanay ng mga naghaharing uri sa Mindanaw na nagpahina sa pampulitikang kontrol ng rehimen sa isla. Ang pangkating Marcos ay kinakatawan ng mga kaanib nitong gaya nina Antonio Floirendo, Romulo Espaldon at Ali Dimaporo. Sa kabilang panig, nariyan ang mga dating lider ng Partido Liberal at tradisyunal na mga lider-Moro na inagrabyado ng pangkating Marcos sa ekonomya at sa pulitikang elektoral. Marami sa kanila ang pumapabor at nagtataguyod sa armadong paglaban sa rehimen.

Pinatitindi pa ng diktadurang US-Marcos ang pasistang pandarahas. Tampok sa mahabang listahan ng krimen nito sa mamamayan ang maraming masaker na isinasagawa ng pasistang tropa at mga reaksyonaryong grupong paramilitar. Nitong 1982, lumaganap ang paghahamlet sa masa, laluna sa mga probinsyang Davao, Zamboanga, Cotabato, Bukidnon at Agusan. Sa ngayon, tinatayang 25,000 tropa ng AFP ang naka-deploy sa mga probinsyang kinikilusan ng BHB.

Sa halip na matakot at magwatak-watak, ang mamamayan sa Mindanaw ay nagkakaisa at lumalaban. Masigla ang kilusang masa, mula sa pagkilos na sektoral ng mga manggagawa, magsasaka, manggagawang bukid, istudyante, at intelektwal, at sa samasamang paglulunsad nila ng mga demonstrasyong antipasista, anti-imperyalista at antipyudal, hanggang sa malawak na kilusang boykot sa "eleksyong presidensyal" noong 1981 at sa tuluy-tuloy na lumalagong pagtataguyod sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Ang pakikidigmang inilunsad ng Prente para sa Pambansang Pagpapalayang Moro at Hukbong Bangsa Moro (MNLF-BMA) ay nakahatak, nakapagtali at nakalipol ng malaking mga pwersang pasista, laluna noong unang mga taon ng batas militar. Dahil dito'y naging mas maluwag sa BHB ang pag-iipon ng lakas at pagpapalawak sa buong kapuluan. Kasama sa mga pook na tinamnan at pinag-ugatan ng BHB ang mga probinsya ng Mindanaw na labas sa pangunahing kinikilusan ng MNLF-BMA. Sa ngayon, mabisang nagsusuportahan ang mga yunit ng dalawang rebolusyonaryong hukbo sa Mindanaw laban sa mga pasistang tropa.

## Pagsulong ng BHB sa isla

Sa pamumuno ng Partido, hakbang-hakbang na itinayo ang BHB sa Mindanaw.

Nagsimula noong 1971, ihinanda ang sonang gerilya sa ilang lugar sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng pambansa-demokratikong linya at pagsasagawa ng panimulang pagsisiyasat. Nang ideklara ang batas militar, mayroon nang panimulang mga karanasan sa pagtatayo ng sonang gerilya, at binuo ang unang mga sandatahang yunit pampropaganda. Makalipas ang dala-

wang taon, may naipon nang karanasan sa paglulunsad ng mga TO at sa pagpapalawak ng kinikilusan, kahit sunud-sunod noon ang mga operasyon ng kaaway.

Noong 1977, marami nang sonang gerilya ang naitatag at napalaki na ang hukbo. Binuo at sinanay ang mga ganap na yunit gerilya habang patuloy na pinaghuhusay ang gawaing masa. Nitong 1981, marami na ang malalawak na larangang gerilya na nagtutulungan sa isa't isa, mataas na ang antas ng konsolidasyon ng mga yunit gerilya, halos nakukumpleto na ang mga samahang masa, at may sari-sarili nang makinarya ang mga pormasyon ng BHB at mga panteritoryong organisasyon ng Partido.

Nakamit ang ganitong mas mataas na antas ng kakayahang lumaban ng BHB sa Mindanaw sa pamamagitan ng pagbubuklod sa mamamayan at sa pamamagitan din ng pagpapakahusay sa pakikidigmang gerilya.

Kinokontra ng Partido at BHB ang propaganda ng kaaway na nagpapatingkad sa pagkakaiba-iba, laluna sa relihiyon at kultura, sa hanay ng mamamayan. Binubuklod ang mamamayan sa komprehensibong pakikibakang antipasista, anti-imperyalista at antipyudal, at itinataguyod ang kanilang lehitimong mga interes. Sa solidong pag-oorganisa sa masa, natitiyak ang malawak at maaasahang suporta nila sa matagalang digmang bayan.

Pakikidigmang gerilya na nagmomobilisa sa partisipasyon ng masa at ganap na pagtataguyod nila--ganitong klase ng pakikidigma ang pinauunlad ng Partido at BHB sa Mindanaw, gaya ng sa iba pang bahagi ng kapuluan. Nasasalamin ang hakbang-hakbang na pagsulong sa tipo at kumpas ng mga taktikal na operasyon mula 1971 hanggang nitong nagdaang mga buwan, gayundin sa tipo ng mga pormasyong itinatag.

Nitong nakaraang ilang taon, naitayo ang maraming ganap na yunit gerilya na laking platun. Naipalaganap ang Batayang Kursong Militar at noong 1982, nakapagdaos ang Partido ng kumperensyang militar at dito'y nagpalitan ng karanasan ang mga kasama mula sa iba't ibang larangang gerilya. Ipinagpatuloy din ang pagbubuo at pagpapalakas ng mga sandatahang yunit pampropaganda, milisya, partisano at *semi-legal teams*. Sa halos lahat ng lalawigan ng Mindanaw, tumindi ang digmang gerilya. Nakapaglunsad ng mga operasyong laking-kumpanya at pinaulanan ang kaaway ng maraming operasyong isparo at maliitang aksyong militar.

Matagalang tungkulin ng ating mga pwersa sa Mindanaw ang paghatak sa pwersa ng kaaway at pagdurog sa mga ito. Sa ganitong mga kataga itinatakda ng "Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan" ang mahalagang papel na ginagampanan na ng Mindanaw sa rebolusyonaryong digma. May matibay na batayan sa mga kalagayan para mas magampanan pa sa hinaharap ang papel ng islang ito sa digmang bayan. ●

# 'Manggagawa ng daigdig, magkaisa!'

**NITONG MARSO 14**, 1983, nagpupugay ang mga Komunistang Pilipino kay Karl Marx, ang dakilang guro ng proletaryado, sa ika-100 anibersaryo ng kanyang pagkamatay.

Isa siya sa mga taong bukod-tangi ang naging ambag sa pag-unlad ng sangkatauhan tungo sa pandaigdigang lipunan ng kasaganaan at kalayaan. Sa pagtuklas niya sa pundamental na batas ng kasaysayan, ang proletaryado ay nagkaroon ng di mababaling sandata para baguhin ang mundo.

Nabuhay si Marx mula 1818 hanggang 1883 sa Europa, sa panahong hinog na ang kapitalismo at malinaw na nakikita ang matinding problemang ibinubunga nito sa lipunan. Iba-ibang porma ng organisasyon, iba-ibang taktikang mapanlaban ang sinusubok noon ng uring manggagawa sa pakikitunggali sa burgesya. Kabi-kabilang sumusulpot, nabubuo, ang mga ideya't teoryang sumasalamin sa mabilis na pagsulong ng syensya, produksyong pangkabuhayan at makauring pakikibaka.

Sa gitna ng mga rebolusyonaryong pangyayaring ito, nilikha ni Marx ang masaklaw na teoryang nagpatuloy at kumumpleto sa tatlong pangunahing agos sa ideolohiya ng kanyang panahon, ang ika-19 na siglo. Ang mga agos na ito--ang pinakasulong na kaisipang naabot ng sangkatauhan noon--ay ang pilosopyang napaunlad sa Germany, ang syensya ng ekonomyang pampulitikang napaunlad sa England, at ang sosyalismong napaunlad sa France.

## Buhay

Si Marx ay ipinanganak sa syudad ng Trier sa Germany. Bagamat kilalang abugado ang kanyang ama, sapat-sapat lang ang kabuhayan ng pamilya.

Nahasa ang angking talas ng isip ng batang si Marx nang mag-aral siya sa mga unibersidad ng Bonn at Berlin, palibhasa'y masiglang-masigla ang buhay-intelektwal sa malalaking kalunsurang ito.



KARL MARX
1818 – 1883

Sinaliksik niya ang mga aralin sa batas, sinisid ang mga kayamanan ng pilosopya, sinuyo ang paraluman ng literatura. Naging ugali niyang halukayin ang mga kaalamang nabungkal ng naunang mga iskolar, at mula rito'y bumuo ng sariling paninindigan. Pero hindi naman puro libro ang pinagguguluan ng kanyang mga araw, sapagkat maraming masasayang sandali ang kanyang inilaan sa piling ng mga kaibigan.

Nang matapos ng pag-aaral, naging manunulat siya, at pagkatapos ay editor, ng isang peryodikong progresibo. Pagkaraan ng isang taon, napilitan siyang magbitiw nang mapag-initan ito ng mga reaksyonaryong otoridad.

Nangibang-bansa noong 1843 si Marx at ang kanyang asawa, at ilang taon din silang nagpalipat-lipat sa iba't ibang syudad sa Europa. Naging isa siya sa mga pangunahing lider ng rebolusyonaryong kilusang manggagawa na noong 1848-49 ay humantong sa sunud-sunod na mga pag-aalsa laluna sa France, Germany, Italy at Austria. Dahil sa kanyang rebolusyonaryong pagkilos, tatlong beses na pinalayas si Marx ng pulisya sa bayang tinutuluyan. Mahabang panahong nagdahop ang mag-anak.

Pumirmi sila sa London noong 1849 at doon na nanirahan hanggang mamatay si Marx sa idad na 64.

## Teorya ni Marx

Noong 1844, nagkakilala sina Marx at Frederick Engels, na tulad niya'y tubong-Germany at naninirahan sa labas ng sariling bayan. Mula noon, si Engels ang naging pinakamatalik na kaibigan at kasama ni Marx, at lagi siyang naaasahan sa kagipitan.

Magkatulong nilang tinuligsa ang umiiral noong sarisaring doktrina ng sosyalismong petiburges, at binalangkas ang teorya at taktika ng rebolusyonaryong sosyalismong proletaryo (o komunismo). Nagmyembro sila ng sikretong samahan, ang Ligang Komunista, at silang dalawa ang kumatha ng makasaysayang dokumentong nanawagan sa "Manggagawa ng daigdig, magkaisa!" --ang *Manipesto ng Partido Komunista*, na inilathala noong 1848.

Mula sa mga abanteng teorya noon sa materyalismo at sa dyalektika, nilikha ni Marx ang materyalismong dyalektiko. Ang bawat bagay sa mundo ay materya, at ang mga ideya ay walang iba kundi ang mundong materyal na nasasalamin sa isip ng tao.

Ang lahat ng bagay at ideya ay proseso, na "walang tigil na nagsusulputan at nagpapanawan, walang katapusan ang pag-unlad sa mas mataas na antas mula sa mas mababa," sa tulak ng panloob na salungatan.

Sa pagpapahayag ng katotohanang ito, itinuturo ng Marxismo na ang lahat ng pangyayari ay may materyal na batayan; na "walang bagay na pinal, absoluto, sagrado"; na ang mundo ay pwedeng baguhin bastat alam natin ang batas ng pagkilos nito.

Ang materyalismong istoriko ay paglalapat ng teoryang ito sa pag-unawa sa mga pangyayaring panlipunan. Maipapaliwanag ang pag-unlad ng kamalayan ng tao kung susuriin ang mga kontradiksyon sa materyal na buhay ng lipunan, na nahahati sa mga uri ayon sa umiiral na paraan ng produksyong pangkabuhayan. Itinuturo ng Marxismo na ang pag-unlad ng lipunan ay nagaganap dahil sa tunggalian ng mga uri. "Ang kasaysayan ng lahat ng lipunang umiral at umiiral ay kasaysayan ng mga tunggaliang makauri," anang *Manipesto ng Partido Komunista*.

## Proletaryo kontra burges

Maagang napukaw ang interes ni Marx sa ekonomyang pampulitika. Nang sa kanyang pagsusulat sa peryodiko ay nadama

niya na kulang pa ang alam niya dito, nagbuhos siya ng mahahabang taon ng pag-aaral sa teoryang pang-ekonomya at pananaliksik ng datos.

Sa kanyang obrang bantayog, ang *Kapital*, sinuri ni Marx ang mga relasyon sa produksyon ng lipunang kapitalista, mula sa pagkabuo ng mga relasyong ito, hanggang sa pag-unlad at panghihina.

Isiniwalat niya sa liwanag ang kongkretong batayan ng pagsasamantalang kapitalista, mula sa katangian ng bilihin, pagpiga ng sobrang-halaga sa pagtatrabaho ng manggagawa, pagtatakda ng presyo, at pag-iipon ng kapital, hanggang sa reproduksyon ng kabuuang kapital ng lipunan.

Ang *Kapital* ay di lang isang tagumpay ng isip, ito ay marubdob na pahayag ng paninindigang makauri, isang obra maestra ng panitikan. Tunay ngang tinatawag itong isang libro na "bumago sa takbo ng kasaysayan."

Sa lahat ng uri sa kasaysayan ng lipunan, ani Marx, ang proletaryado lamang ang talagang rebolusyonaryo. Dahil sa pusisyon at papel nito sa produksyon, tanging ang uring manggagawa ang maaaring pumawi sa lipunang kapitalista at magtayo ng bagong lipunang walang uri, ang lipunang komunista.

Sa *Manipesto ng Partido Komunista*, inilahad nina Marx at Engels ang makapangyarihang larawang-isip ng lipunang iyon, na mula noon ay naging inspirasyon para sa lahat ng nagmimithing wakasan ang pagsasamantala't pang-aapi sa balat ng lupa.

Subalit hindi nagkasya si Marx sa larangan ng teorya. Siya ang naging "puso't kaluluwa," ani Lenin, ng Internasyonal na Samahang Manggagawa, ang tinatawag na Unang Internasyonal na itinatag sa London noong 1864.

Walang sawa niyang sinikap na pagkaisahin dito ang kilusang paggawa ng iba't ibang bayan, binuksan ang daluyan ng magkakasamang pagkilos ng iba't ibang porma ng sosyalismo kahit di proletaryo't di pa maka-Marx, at tinuligsa ang mga maling ideya tungkol sa sosyalismo. Sa gayon, wika ni Lenin, "pinanday ni Marx ang nagkakapareho̲ng taktika para sa proletaryong pakikibaka ng uring manggagawa sa iba't ibang bayan."

## Pamana

Sa loob ng dantaon mula nang mamatay si Marx, ang katumpakan ng kanyang pundamental na teorya ay ulit-ulit nang napatunayan. Sa paparaming bayan, matagumpay na inagaw ng proletaryado ang kapangyarihang pampulitika at isinusulong sa iba't ibang antas ang pagbubuo ng sosyalismo. Kahit ang pinakahuling mga natutuklasan sa larangan ng mga batayang syensya ay nagpapatotoo sa unibersal na batas na unang tinukoy ni Marx.

Nakarating sa Pilipinas ang mga ideya tungkol sa sosyalismo at komunismo noong umpisa ng ika-20 siglo, pagkaraan na ng Rebolusyong Pilipino ng 1896. Nang itatag ang Partido Komunista sa ating bayan, nakatayo na ang unang bayang sosyalista sa daigdig, ang Unyong Sobyet, at napayaman na ni Lenin ang saligang teoryang Marxista.

Ang pundasyong inilatag ni Marx at ni Engels ay dinagdagan ng ibang mga gurong Komunista, sina Lenin, Stalin at Mao, mula sa kongkretong pag-unlad ng pakikibakang proletaryo.

Inilulunsad natin ang pambansa-demokratikong rebolusyon sa Pilipinas sa panahong patuloy na nagbabago ang obhetibong kundisyon ng lipunan. May higit na kabuluhan sa atin ngayon ang itinuro ni Marx, at walang panglaw itong patnubay sa ating rebolusyonaryong pagkilos. ●

# Namumulat, lumalaban

Alerto ang lahat sa piket. Sa mga nakatayong tolda, naglabasan ang mga welgistang puro babae. Tumigil sa pagpupulong ang iba't ibang komite. Sumenyas ang mga nakatoka sa pagmamatyag at depensa.

Sa hudyat ng piket-kumander, nagtipon ang mga welgista sa harap ng geyt ng kumpanya. Humiga sa semento ang mga nasa unahan, at nagkapit-bisig ang mga nasa likuran. Nagbadya ang isang sagupaan.

"Sige, sagasaan mo kami!" sigaw ng mga welgista sa draybor ng trak ng kumpanya na inutusang tumawid sa piket, pumasok sa pabrika at maglabas ng materyales.

Urong-sulong ang trak na napalilibutan ng welgista, bago tuluyang umatras. Nagpalakpakan ang mga welgista, itinaas ang mga kamao, at hinabol ng sigaw ang papalayong trak.

"Kailangang lumaban!" sabi ni Irene, na tubong probinsya. Tulad ni Irene, libu-libo pang babae na dati'y kimi, matatakutin at mahina ang natutong makibaka mula nang lumahok sa produksyon sa pabrika at nakihamok sa kapitalista.

## Trabaho sa pabrika

Sa pagtatayo ng mga pangkonsumo at magaang na industriya na dominado ng mga imperyalista at malalaking burgeskumprador ay lumaki ang pangangailangan sa babaing manggagawa. Pinakikinabangan ang kahusayan nila sa mga gawaing kamay na paulit-ulit, mabusisi at nakakabagot. Dumami pa ang babaing nagtatrabaho sa pabrika dahil pinalalakas ng rehiyong Hapones ang pag-eeksport ng mga produkto ng magaang na industriya.

Sa manupaktura, halos pantay na ang bilang ng babae at lalaki. At babae ang mayorya sa ilang mahahalagang sangay tulad ng tela, damit, elektroniks, pagkain, sigarilyo, sapatos, at kemikal.

Sa paglahok sa produksyon ay nagkakaroon ang mga babae ng pantay na katayuan sa mga lalaki dahil pareho silang gumagawa. Natututo ang mga babae tulad ng mga lalaki sa kolektibong paggawa, syentipikong produksyon, disiplina at organisasyon.

Kasabay nito, pareho naman silang [illegible] at aliping ng kapital. Kahit kumikita ang babae tulad ng mga lalaki, ang sahod nila'y hindi halos makasapat sa sariling pangangailangan, huwag nang pag-usapan pa ang pangangailangan ng mga anak nila. Sa katunayan, mas malala ang sitwasyon ng mga babae dahil karaniwang mas mababa ang sahod nila kaysa sa sahod ng lalaki.

Bunga nito, mas madaling mapukaw ang makauring kamalayan ng mga babae at napapakilos sila para ipaglaban ang kanilang karapatan bilang manggagawa. Sa nakaraang tatlong taon, tinamaan ng pinakamaraming welga ang sektor ng manupaktura, at babae ang malaking bahagi ng welgista. Sa iba't ibang anyo ng welga, nakibaka sila, babae't lalaki, para sa mas mataas na sahod, mabuting kundisyon sa paggawa, mas mahabang kota, at pagtigil ng pwersahang obertaym, rotasyon at tanggalan.




Ngunit para sa mga babae, may dagdag na paghihirap ang pagtatrabaho sa pabrika dahil sa pang-aaping sekswal na nararanasan nila.

Marami sa mga babaing manggagawa ang pinipilit sumiping ng mandyer o superbisor para huwag matanggal sa trabaho o para mabigyan ng promosyon. Hinihubaran sa suspetsang pagnanakaw; binibigyan o sinisipulan; pinagmomodelo ng gawang bra o panty ng kumpanya; kinikikilan ng malaswang biro.

Sa paghahabol pa ng gumawa, walang konsiderasyon ang mga kapitalista sa sitwasyon ng mga manggagawa bilang babae. Marami kasi ng mga buntis na nagdurugo na sa loob ng pabrika ay ayaw pang payagan ng kumpanya. O ng mga manggagawang hinahabol ng kotang ito kahit namimilipit sa unang araw ng regla nila.

Lalo pang nagiging daan ang mga kalagayang ito para labanan ng mga babaing manggagawa ang kapitalistang pagsasamantala. At habang lalong lumalaking nila ang interes ng uring manggagawa na kinabibilangan nila. Inaangat nila ang kababaihan mula sa pagturing na mas mababa ang katayuan kaysa kalalakihan.

## Gawain ng Partido

Ang makauring pakikipaglaban ng mga babaing manggagawa sa kapitalista ay nagsisilbing magandang kundisyon para kasangkot silang mahatak ng Partido sa rebolusyonaryong pakikibaka. Tulad ng mga lalaking manggagawa, tumutulong sila para isulong at ipagtagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon at maitayo ang lipunang sosyalista.

Ang sosyalismo lamang ang magpapalaya sa uring manggagawa mula sa kapitalistang pagsasamantala at lilikha ng materyal na kundisyon para sa malawakan at mas aktibong partisipasyon ng maraming babae sa iba't ibang antas ng industriya. Ang ganap na paglaya ng proletaryado, sa pagtatayo ng sosyalismo, ay ganap ding magpapalaya sa mga babae sa lipunan.

Itinuturing ng Partido na susi ang pampulitikang edukasyon at propaganda sa hanay ng babaing manggagawa para maging rebolusyonaryo ang kanilang pakikibaka. Ang kailangan ay maiangat ang pakikibakang manggagawa sa antas ng rebolusyonaryong pakikibaka.

Binibigyan din ng pansin ng Partido ang mga espesyal na suliraning kaharap ng mga babaing manggagawa sa tahanan, sa pabrika, at sa mga organisasyon, para tulungan silang lumahok pang lalo sa rebolusyon.

Ipinaglalaban ng mga unyong pinamumunuan ng Partido ang mga karapatang pang-*maternity*, seguridad sa trabaho para sa mga babaing may asawa, pantay na sahod ng babae't lalaki sa parehong klase ng paggawa, at pagbabawal sa sekswal na pang-aabuso sa mga babaing manggagawa. Sa pagtatag at paglakas ng mga unyon nakasalalay ang mga konsesyong maaaring ipagwagi para sa mga babaing manggagawa.

Patuloy na nagpopropaganda ang mga kasapi ng Partido at mga manggagawang aktibista sa kani-kanilang asawa at pamilya para sa makatwirang paghahatian sa gawaing bahay at pag-aalaga ng mga bata. Di dapat na mga babae pa rin ang magasikaso ng lahat ng gawain sa bahay matapos na buong araw silang nagtrabaho sa pabrika.

Pinauunlad pa ang mas malaking paglahok ng mga babaing manggagawa sa iba't ibang gawaing pang-organisasyon at pampulitika. Sa loob ng mga unyon at organo ng Partido, ang mga may kakayahan ay inilalagay sa pwesto ng pamumuno.

Sa paghulagpos pa ng mga babaing manggagawa sa gapos ng pyudal at burges na kultura ay lalong lumilitaw ang kanilang mapanlikha at pisikal na kakayahan sa pagsusulong ng rebolusyon. ●

# Manggagawang bukid

Pinuputol mo ang aking paa, iniinom mo ang aking dugo: Ano ako? Tubó!

Isang bugtong ito na laganap sa hilagang Luson at kung tutuusin ay naglalarawan sa kaapihan ng mga manggagawa sa malalawak na tubuhan, niyugan, pinyahan, gulayan at iba pang plantasyon ng pananim na pangkomersyo. Sila ang proletaryado ng kanayunan.

Unang nagkaroon ng manggagawang bukid sa Pilipinas noong huling mga taon ng ika-18 siglo, nang sinimulang ibunsod ang mga pananim na komersyal. Noong 1784, naging patakaran ng gubyernong kolonyal ang sistematikong pagpapaunlad sa agrikultura. Sa loob ng sumunod na mga taon, at laluna pagpasok ng ika-19 siglo, ay sumigla ang komersyal na agrikulturang nakatuon sa pag-eeksport.

Naging sentro ang hilagang Luson sa pagtatanim ng tabako. Nakonsentra sa Bikol ang abaka, sa Gitnang Luson ang palay, at sa Negros at Panay ang tubo.

Sa ilang lugar na ito, inagawan ng lupa ang maraming magsasaka para palawakin pa ang mga asyenda. Pinwersa ang iba na walang itanim kundi pambenta. Baon sa utang, nawalan din ng lupa ang mga ito. Kailangan na ngayong bilhin ng masa ang kanilang pagkain. Nagsimulang mawasak ang likas na ekonomyang umaasa sa sarili.

Ang mga pagbabagong dulot ng komersyal na agrikultura ay umapekto sa maliit na bahagi lang ng kapuluan. Ang higit na malaking parte ng mga bukirin ay nanatiling atrasado at nakalaan sa palay at mais na kinokonsumo ng masa't panginoong maylupa--isang kalagayang di gaanong nalalayo sa kasalukuyan.

Gayunman, mabilis na nagkaroon ng importanteng papel sa ekonomya ang produksyong agrikultural. Noong 1854, 70 porsyento na ng lahat ng ineeksport mula Pilipinas ay binubuó ng tatatlong produkto: asukal, abaka at tabako.

Pero ang malaki't modernong mga plantasyong pinatatakbo sa kapitalistang paraan--mas kilala ngayon sa tawag na agribisnes--ay pinasimulan ng mga imperyalista ng US pagpasok ng 1900. Mas malaking puhunan ang ipinasok sa pagsasaka at lumitaw ang korporadong pagmamay-ari ng mga plantasyon. Sa pagtatayo ng mga plantang nagpoproseso ng produktong bukid, lalong nagtugma ang interes ng mga imperyalista't mga asendero. Sa kabilang banda'y sumulpot naman ang proletaryadong industriyal sa kanayunan--ang mga manggagawang nagtatrabaho sa mga asukarera, repinerya at desikadura.

Sa loob ng sumunod na mga dekada, ang makabagong mga asukarera, repinerya at desikadura sa ilang piling lugar ang siya nang nakapagtakda sa takbo ng halos kabuuan ng mga aktibidad na pang-ekonomya sa kanilang paligid. Kahit ang produksyon ng maliliit at hiwa-hiwalay na mga sakahan ay hinihigop na lahat ng planta.

Batay sa isang tantya, may 3,500,000 manggagawang bukid sa Pilipinas noong 1975 at karamihan dito'y nasa mga plantasyon. Sa ngayon, mayorya sila ng populasyon ng Negros at malaking bahagi ng masang anakpawis sa Iloilo, Bukidnon, South Cotabato, Davao del Norte, Zamboanga del Sur at Basilan.

## Kapitalistang pagsasamantala

Miserable ang buhay ng mga manggagawang bukid. Sa hanay ng proletaryado, sila ang pinakamatagal magtrabaho, pina-

kamababa ang sahod, at dumaranas ng pinakamasahol na kundisyon.

Halimbawa, sa Hacienda Luisita ng mga Cojuangco sa Tarlac, nakapako pa sa ₱8 isang araw ang pinakamataas na sweldo. Mataas nang kaunti ang sahod (₱8.60) ng 3,500 manggagawang bukid sa sagingan ni Floirendo sa Davao del Norte. Pero regular na pinapagtrabaho ni Floirendo sa kanyang plantasyon ang 1,500 bilanggo mula sa katabing Davao Penal Colony na binibigyan lamang ng ₱1.65 isang araw. Para may ipambili ng sigarilyo at minindal, pwersado silang mag-obertaym.

Laganap din ang sistemang pakyaw sa mga tubuhan at niyugan.

Sa mga tubuhang kontrolado ng Bukidnon Sugar Company, ang bayad sa mga tagatanim ay ₱2.50 bawat 1,000 punla. Ang bayad naman sa pagputol at paghakot ng tubó ay ₱15 bawat tonelada. Para may makain ang isang pamilya, kailangang magtrabaho ang lahat, pati batang maliit.

Binibiktima rin sila ng kontratista, na kumakaltas na ng di bababa sa 10 porsyento ng sahod ay dinadaya pa sila sa kwentahan. Sa pagkuha ng kontratistang magrerekluta't mangangasiwa sa mga manggagawa, nakapagtitipid nang husto ang mga may-ari ng plantasyon, at nakapaghuhugas sila ng kamay sa mas malaking papel nila sa pagsasamantala sa mga manggagawang bukid.


Mas pino ang mga imperyalistang empresa sa pagsagad sa trabaho ng manggagawang bukid. Sa mga plantasyon ng goma ng B. F. Goodrich, Goodyear at Firestone sa Mindanaw, umiiral ang sistemang kota. Binansagang "insentibo," binibigyan ng dagdag sa karaniwang sahod (₱8 isang araw) ang mga manggagawang bukid kapag nalalampasan nila ang kotang 500 punong kinukunan ng dagta bago magtanghali. Sa mga oras na ito maganda ang daloy ng dagta. Sa sistemang ito, gaya ng sa mga pagawaang industriyal, pinipilit ng mga manggagawang bukid na isagad ang kanilang lakas nang lampas sa kaya ng kanilang katawan.

Sa maraming kapitalistang sakahan, nasa papel lamang ang mga karapatang dapat tamasahin ng manggagawang bukid. Walang tunay na seguridad sa gawain. Kahit ang mga pirmihan ay mapalad nang makapagtrabaho nang katumbas ng 180 araw sa loob ng isang taon. Inaangal din nila ang obligadong pagbili ng kanilang pangangailangan sa kantina ng kapitalista kapalit ng kupon na katumbas ng bahagi ng sahod nila.

Para sagkaan ang pag-oorganisa at sama-samang pagkilos ng mga manggagawang bukid at ng mga manggagawang industriyal, pinaiiral ng mga kapitalista ang klimang mapanupil. Parang kampong militar ang plantasyon, laluna sa mga lugar na lumalakas ang rebolusyonaryong kilusan. Isang batalyon ng PC at mahigit 500 CHDF ang nakahimpil sa plantasyon ni Floirendo. Ang notoryus na "Lost Command" ang nagsisilbing sikyuriti ng NDC-Guthrie sa plantasyon nito sa Agusan del Sur.

Para sa kapitalistang agrikultura, na mahigpit na dinodomina ng mga monopolyong kapitalista ng US, susi ang pagmamantini sa mababang pasahod habang pinipiga ang lakas ng anakpawis.

Nagagawa ito dahil malubha ang disempleyo, laluna sa kanayunan. Nagagawa rin nila ito dahil nasa kanilang panig at naglilingkod ang pasistang pangkating Marcos na binubuo ng pinakamalalaking mga kumprador-burges at bagong-tipong panginoong maylupa.



## Pagkilos

Kaya naman mula nang mabuo at kahit di pa mulat sa kanilang rebolusyonaryong ideolohiya, ay nakikipagtuos na ang mga manggagawang bukid sa mga umaapi't nagsasamantala sa kanila. Kasama ang iba pang anakpawis, ginawa nilang larangan ng militanteng pakikibaka ang mga plantasyon at karatig. Naglunsad sila ng mga welga, nagdemonstrasyon, at inokupa ang mga nakatiwangwang na lupain.

Nang mabuo ang Partido Komunista ng Pilipinas noong 1930, mas mariing dagok ang pinalasap ng mga manggagawang bukid at industriyal sa mga kapitalista. Noong mga dekada ng 1930 at 1940, paulit-ulit silang nag-aklas laban sa mga imperyalista at panginoong maylupa na humahawak

sa mga tubuhan at asukarera sa Pampanga at Tarlac. Ganito rin ang naganap sa mga niyugan, mga desikadura at repinerya ng langis ng niyog sa Laguna at Quezon. Humina lamang ang pakikitunggali ng proletaryado sa kanayunan nang lumasap ng malaking pagkatalo ang lumang Partido.

Sa gabay ng muling itinatag na Partido Komunista ng Pilipinas, matiyaga silang nagbubuo ng tunay na mga unyon at maingat na naglalatag ng lambat ng rebolusyonaryong kilusang lihim. Kasabay nito, pinahihigpit nila ang pakikipagkaisa sa mga magsasaka at iba pang progresibong sektor at pinag-iibayo ang pagtataguyod sa hukbong bayan at sa pakikidigmang gerilyang ibinubunsod nito.

Sa ekonomyang nakabase sa agrikulturang dominado ng mga imperyalista, burges na kumprador at panginoong maylupa, ang mga manggagawang bukid ay bumubuo ng makapangyarihang pwersang masa na may kakayahang pangunahan ang pakikibaka ng anakpawis sa malawak na kanayunan. Sa kanilang rebolusyonaryong pagkilos ngayon, kaya nilang bigyan ng matitinding dagok ang mga pangunahing kaaway ng sambayanang Pilipino. Sa hinaharap, ang kanilang partisipasyon sa pagtatayo ng sosyalistang agrikultura ay magiging lubos na mahalaga sa bagong ekonomyang Pilipino. ●

## LUMANG TINDA; BAGONG KARATULA

Mula pa nang idineklara ang batas militar noong 1972, pilit na ing inilalako ng rehimen ang "kaisipan" ni Marcos para bigyang-katwiran ang kanyang pasista at kontra-rebolusyonaryong paghahari. Subalit liban sa mga oportunista ng tagasunod niya, walang bumibili sa tinda.

Kayat naglagay ng bagong karatula ngayon ang rehimen. Sa ngalan ng "ideolohiyang Pilipino," inumpisahang isalaksak ang "kaisipan" ni Marcos sa mga empleyado ng gubyerno na inaasahang maglalako nito para suportahan ng masa ang rehimen.

Ang paggamit sa katagang "ideolohiya" ay pagtatangkang bigyan ng magandang pangalan ang mga kabalbalan at hungkag na pananalita ni Marcos. Hindi na nangimi si Marcos na itanghal ang pagdedeklara niya ng batas militar bilang katuparan ng "makabagong teorya" ng "demokratikong rebolusyon mula sa gitna."

At habang nagdadadakdak siya hinggil sa pagtataguyod ng "pag-ibig sa inang bayan, demokrasya, pagkamakatao, katarungan at pagkapantay-pantay," pawang kabaligtaran naman ang ginagawa niya. Ibinebenta ni Marcos ang pambansang yaman ng Pilipinas sa imperyalismong US, sinisikil ang mga demokratikong karapatan ng mamamayan, pinupuksa ang mga karaniwang tao, ibinibilanggo ang mga walang sala, samantalang kinakalinga ang mga gumawa ng krimen para sa kanyang kapakanan, at pinagdarahop ang anakpawis para sa ikasasagana ng mga imperyalista at ng kanyang pangkatin ng malalaking kumprador na burges at malalaking panginoong maylupa.

Para mapalaganap at mapatanggap sa masa ang "ideolohiyang Pilipino," kinakasangkapan ng rehimen ngayon ang ilang nabulok na dating lider-aktibista at traydor sa rebolusyon.

Ang pagpapalaganap ng "ideolohiyang Pilipino" ay pormal na inilunsad sa pagdaraos kamakailan ng tatlong linggong kurso sa "batayang oryentasyon ng ideolohiyang Pilipino." Ang karamihan sa pinadalo dito ay mga empleyado ng Pambansang Awtoridad sa Pabahay (National Housing Authority o NHA). →



Pero dahil napilitan lang na dumalo ang karamihan sa mga nagtapos, ang tanging maaasahan ni Marcos na magtaguyod sa "ideolohiyang Pilipino" ay ang mga naghahabol ng pera, pusisyon at impluwensya sa gubyerno. Nangunguna sa mga ito si Nilo Tayag, pangalawang pangkalahatang kalihim ngayon ng Loyalists for Marcos, isang samahan ng mga matapat na alagad ni Marcos.

Pero anuman ang gawin ng diktador at kanyang mga alagad, hindi talaga mapapatanggap sa masa ang pagpapabango sa pasismo sa ngalan ng "ideolohiyang Pilipino," at hindi mapapasang-ayon ang mamamayang Pilipino na ang baluktot ay tuwid at ang masama ay mabuti. At dahil nga hindi maitatago ng pasistang rehimen ang baho nito, walang ibang hahantungan ang "ideolohiyang Pilipino" kundi ang basurahan ng kasaysayan, kasama ng "Bagong Lipunan" at "Bagong Republika." ●

## MGA BALITA

### Protesta

Nagdemonstrasyon laban sa paghahamlet at militarisasyon sa Mindanaw ang mahigit 150,000 mamamayan doon noong Disyembre 1982.

Umabot sa kasagsagan ang mga kilos protesta noong Disyembre 10, Pandaigdigang Araw ng Karapatan ng Tao. Libu-libo ang nagdaos ng martsa-rali sa Davao City (13,000), Butuan City (6,000), Cagayan de Oro City (5,000) at sa mga poblasyon sa mga probinsya ng Davao, Bukidnon, Agusan del Sur, Zamboanga del Norte at Zamboanga del Sur.

Dumarami pa ang mga hamlet sa Mindanaw pagkaraang ang mga ito ay ipagbawal daw ni Juan Ponce Enrile, minister sa depensa. Noong Oktubre 1982, may hindi kukulangin sa 317 hamlet na nakatayo sa Zamboanga del Norte, Zamboanga del Sur, Davao del Norte, Davao del Sur, North Cotabato, Bukidnon at Agusan del Sur na pinagkukulungan ng 335,000 magsasaka at pamilya nila. ●

### Istudyante

Nagrali ang 2,000 istudyante noong Pebrero 25 sa harap ng embahada ng US para tuligsain ang pakikialam ng imperyalismong US sa buhay ng bayan.

Binatikos sa rali ang pananagutan ng imperyalismong US sa krisis pang-ekonomya ng Pilipinas, pakikipagsabwatan sa rehimeng Marcos at pagkontrol ng US sa edukasyon at kultura ng bayan. Nanawagan din ang mga istudyante na lansagin ang mga baseng militar ng US sa Pilipinas.

Kamakailan din, nagpiket ang may 100 istudyante sa harap ng United States Information and Communications Agency sa Davao City para tutulan ang pagkontrol ng mga imperyalistang kumpanya sa kabuhayan ng mamamayan sa Mindanaw. ●

### Empleyado

Gustong magwelga ng may 20,000 empleyado ng limang malalaking korporasyon ng gubyerno para tutulan ang di makatarungang palakad ng pangasiwaan, di pagbabayad ng obertaym, at pagkakait ng dagdag na bayad sa trabahong panggabi.

Ang abiso ng welga ay ihinapag ng Alyansa ng mga Empleyado ng Gubyerno (AGW) laban sa Philippine National Bank, Social Security System, Metropolitan Waterworks and Sewerage System, at Philippine Virginia Tobacco Administration. Iginiit din nilang kilalanin ang AGW bilang unyon.

Ngunit pinigil ng rehimen ang balak na welga ng AGW dahil bawal diumano sa mga empleyado ng gubyerno ang mag-unyon at magwelga. →

Gayundin, pinigil ang planong magwelga ng mga manggagawa sa Rubberworld at Dynetics, mga pabrikang nag-eeksport ng sapatos at pyesang elektronik. Diumano'y kontra sa pambansang interes na magwelga sila. ●

## Obispo

Sa isang pahayag (*pastoral letter*) na binasa sa mga simbahang Katoliko noong Pebrero 20, tinuligsa ng kapulungan ng mga obispo sa Pilipinas (CBCP) ang paglabag ng gubyerno sa mga demokratikong karapatan ng mamamayan. Binatikos din nila ang matinding pagsalig at pagpabor ng gubyerno sa interes ng mga multinasyonal nang higit kaysa mamamayan.

Unang-una nang tinutulan ng mga obispo ang iligal na pang-aaresto, pagpipiit, at pagmaltrato sa mga tauhan ng simbahan, pati ang pagtortyur at pagpatay sa mamamayan at paninikil sa masmidya. Iginiit din nilang pag-aralang muli ng gubyerno ang depinisyon nito ng subersyon. ●

## Tagtuyot

Sinira ng tagtuyot ang palay, mais, tubó, saging, niyog at halos lahat ng pananim sa buong Bisaya at Mindanaw. Nagsimula noon pang Oktubre 1982, ang tagtuyot na ito ang pinakamalubha sa nagdaang 10 taon.

Habang sinusulat ito, mahigit anim na buwan nang naaapektuhan ang maraming lugar sa Mindanaw tulad ng Davao at Cotabato, at limang buwan na ang tagtuyot sa Bisaya, laluna sa Panay, Negros at Samar.

Sa Iloilo, halimbawa, 40 porsyento lamang ng palay ang karaniwang naani sa bawat ektarya. Pero hanggat hindi umaabot sa 90 porsyento ang nasirang pananim ng mga magsasaka ay di sila binabayaran ng seguro (*crop insurance*) ng rehimen.

Di birong gutom ang dinaranas ng mga magsasaka at ng kanilang mga pamilya. Tumaas pa mandin ang presyo ng pagkain, at iba pang bilihin. ●

## Kumperensya

Idinaos ngayong Marso sa India ang ikapitong kumperensya ng Kilusan ng mga Bayang Walang-Kinikilingan. Dumalo ang mahigit 3,000 kinatawan, kabilang ang may 100 pinuno ng estado mula sa 101 bayang kaanib ng kilusan.

Ang punong ministro ng India, si Indira Gandhi, ang nahirang na tagapangulo ng kilusan sa susunod na tatlong taon. Pumalit siya kay Fidel Castro ng Cuba.

Ayon kay Gandhi, pagtutuunan ng kilusan ang pagtatamo ng mga pagbabago sa pandaigdigang kaayusan sa ekonomya na sa ngayon ay "lipas na, di pantay at di nakasasapat," at pumapabor lamang sa mga maunlad na bayan.

Samantala, patuloy ang paghadlang ng kilusan laban sa panghihimasok ng dalawang superpawer, laluna ng imperyalismong US, sa mga internal na usapin ng Ikatlong Daigdig at makikipagkaisa sa mga kilusan ng mamamayan para sa disarmamento at pandaigdigang kapayapaan.

Sapul nang mabuo noong 1961, matatag na nanindigan ang kilusan sa interes ng mga bayan ng Ikatlong Daigdig, habang tinututulan ang pagkakaroon ng mga blokeng militar. Kaya naman sa bawat taong magdaan ay patuloy na lumalakas ang tinig at impluwensya nito sa mga pandaigdigang usapin.

Samantala, di matanggap na myembro ng kilusan ang Pilipinas hanggat nakatali ito sa blokeng militar ng US. ●